

# Ang Pangangalaga sa Sangnilikha<sup>1</sup>

**“Ang lupa ay sa Panginoon at ang lahat ng narito.”**  
(Awit 24:1 ABAB/Ang Bagong Ang Biblia, PBS)

Bilang mga tagasunod ni JesuCristo – mga tumitiwala sa lubos na awtoridad ng mga Kasulatan – at bilang mga taong may kamalayan sa mga paraan kung paano natin pinasama ang kalagayan ng sangnilikha, naniniwala kami na ang pananampalatayang nakabatay sa Biblia ay kailangan sa paglutas sa ating mga problemang kaakibat ng kaugnayan sa isa’t isa ng lahat ng bumubuo sa ating likas na kapaligiran.

Dahil sa sinasamba at pinararangalan namin ang Lumikha, sinisikap naming pakamahalin at pangalagaan ang sangnilikha.

Dahil nagkasala tayo, naging pabaya tayo sa pangangasiwa ng sangnilikha. Kaya nga nagsisisi kami dahil sa ating mga ginawa: pinarumi natin, pinapangit, o sinira ang malaking bahagi ng mga ginawa ng Lumikha.

Dahil sa pamamagitan ni Cristo, nilunasan na ng Diyos ang ating pagkahiwalay sa Kanya. Ibinigay Niya sa atin ang unang bunga ng pagkakasundo ng lahat ng bagay, kaya nakalaan kami na sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu ay ipahayag sa salita at sa gawa ang Mabuting Balita ni Cristo. Sisikapin naming magkaroon ng pagkakasundo ang lahat ng tao kay Cristo at paaabutin namin ang lunas ni Cristo sa nagdurusang sangnilikha.

Dahil hinihintay namin ang panahon kung kailan pati ang nagdurusang sangnilikha ay ibabalik sa dating katinuan. At para sa karangalan at kaluwalhatian ng Lumikha, nakalaan kaming ibuhos ang lahat ng aming makakaya upang ingatan ang sangnilikha at lunasan ang naging masamang kalagayan nito. Ang Lumikha ay bahagya nating nakikilala sa pamamagitan ng sangnilikha ngunit lubos natin Siyang natatagpuan sa pamamagitan ng Kasulatan at kay Cristo. Kasama ng ating mga anak, tayo ay bahagi ng sangnilikha, at sa pamamagitan nito tayo’y binibigyan ng ikabubuhay sa biyaya ng Diyos. Kaya naman kaharap na natin ang problema sa tumitinding panganib sa kalusugan ng nasabing sangnilikha. Gayonman patuloy pa rin nating pinasasama ang kalagayan nito.

**Ang mga masamang kalagayan ng sangnilikha ay mabubuod sa ganito:**

- 1. Pagkatibag at pagbaba ng uri ng lupa**
- 2. Pagkakalbo ng mga kagubatan**
- 3. Pagkalipol ng mga klase ng halaman at hayop**
- 4. Pagsama ng uri ng tubig**
- 5. Pagkalason ng sangnilikha sa buong mundo**
- 6. Pagbabago ng hangin**
- 7. Pagbaba ng uri ng ating pagkatao at kultura.**

Marami rito sa naging masamang kalagayan ng sangnilikha ay mga tanda na tayo’y umaabot na sa hangganan ng limitasyon na itinakda ng Diyos sa sangnilikha. Sa di

<sup>1</sup> - <http://www.creationcare.org/resources/declaration.php>

mapigilang pagdami ng tao, ang pagsama ng kalagayan ng sangnilikha ay magiging matindi. Ang ating tungkulin ay hindi lamang ang mag-anak at mangalaga sa mga ito, kundi ang pangalagaan din ang kanilang tahanan dito sa mundo. Iginagalang namin ang pagkatatag ng kasal na siyang ibinigay ng Diyos na paraan upang tiyakin ang pinag-iisipang pag-aanak at pangangalaga sa mga ito para sa dakilang karangalan ng Diyos.

Kinikilala namin na ang paghihikahos ng tao ay siyang dahilan ngunit ito'y bunga rin ng pagsama ng kalagayan ng ating kapaligiran.

Maraming taong nagmamalasakit ang naniniwala na ang mga problema sa kapaligiran ay problemang higit na batay sa kalagayan ng ating espiritu, kaysa sa antas ng ating teknolohiya. At sinisiyasat nila ngayon ang mga ideolohiya at mga relihiyon sa mundo sa paghahanap ng espirituwal ngunit hindi cristianong mga mapagkukunan ng lunas sa problema ng mundo. Bilang mga tagasunod ni JesuCristo, naniniwala kami na itinuturo ng Biblia na dapat kaming tumugon ayon sa apat na paraan:

**Una**, nais ng Diyos na aming ipahayag at pagsisihan ang mga saloobing nagpapawalang-halaga sa sangnilikha. Ang mga saloobing ito ang dahilan na ating pinipilipit o kaya'y hindi pinapansin ang mga ipinapakita ng Biblia laban sa ating maling paggamit sa sangnilikha. Kinakalimutan natin na "ang lupa ay sa Panginoon" at madalas na ginagamit lang natin ang sangnilikha ngunit ating kinakalimutan ang tungkulin natin na pangalagaan ito.

**Pangalawa**, ang ating mga ginagawa at saloobin sa mundo ay dapat na udyok ng ating pananampalataya. Ang mga ito'y dapat na nakabatay sa kabuuan ng kapahayagan ng Diyos kay Cristo at ng mga Kasulatan. Tinututulan namin ang ideolohiya na nag-aakala na ang Ebanghelio ay walang kinalaman sa pangangalaga sa mga nilikhang hindi tao. Tinututulan rin namin ang ideolohiya na nagsasabi naman na ang Ebanghelio ay ang pangangalaga lamang sa sangnilikha at wala nang iba.

**Pangatlo**, maingat naming sinisikap na matutuhan ang lahat ng sinasabi ng Biblia tungkol sa Lumikha, sa sangnilikha at sa gawain ng tao. Sa aming buhay at mga pananalita, ipinapahayag namin ang buong Mabuting Balita para sa lahat ng sangnilikha na naghihintay na "...nananabik sa inaasahang paghahayag ng mga anak ng Diyos." (Rom. 8:19, ABAB).

**Pang-apat**, sinisikap naming maunawaan kung ano ang ipinapakita ng sangnilikha tungkol sa kabanalan ng Diyos, sa nagpapalakas Niyang presensya at sa Kanyang walang hanggang kapangyarihan. Nais din naming maunawaan ang itinuturo sa atin ng sangnilikha tungkol sa ibinigay ng Diyos na kaayusan nito at ang mga panuntunang sinusunod nito upang umandar.

Kaya nga, tinatawagan namin ang lahat ng mga nakatalaga sa katotohanan ng Ebanghelio ni JesuCristo upang panindigan ang mga sumusunod na mga panuntunan sa pananampalatayang nakabatay sa Biblia. Ganoon din, sikapin nating makakita ng mga

paraan kung paano ipamuhay ang mga panuntunang ito sa ating pansariling buhay, sa ating mga iglesia, at sa lipunan.

Ang daigdig, sa kanyang lahat na kariktan, natural na kalayaan, at kasaganaang nagbibigay buhay ay gawa ng ating personal at nagmamahal na Lumikha.

Ang ating Diyos na lumilikha ay naroon na bago pa ang lahat ng sangnilikha at siya'y iba sa mga ito, gayonman Siya'y malapitang nakasangkot dito. Inaalalayan Niya ang bawat bagay sa kalayaan nito, at ang lahat ng bagay sa sali-salimuot nitong mga relasyon. Ang Diyos ay pinaka-mataas sa lahat, gayonma'y buong pagmamahal Niyang patuloy na binubuhay ang bawat nilikha. Siya'y nasa lahat ng dako, pero iba Siya sa sangnilikha at di dapat ipagkamaling kabilang dito.

Likas ng Diyos na Lumikha ang makipag-ugnayan. Siya'y iisa na nahayag na tatlo sa pagka-persona. Gayondin, ang sangnilikha ay niloob ng Diyos na isang magkaka-ugnay na iba't ibang indibidwal na nilikha na may nagkakatugma-tugmang relasyon.

Nagmamalasakit ang Diyos sa lahat ng nilikha. Ipinahayag Niya na ang sangnilikha ay "mabuti" (Gen.1:31). Ipinangako Niya sa isang Tipan ang pangangalaga sa lahat ng nilikha (Gen. 9:9-17). Kinagigiliwan Niya ang mga nilikhang tila walang pakinabang na dulot sa tao (Job 39-41). At kay Cristo niloob na pagkasunduin ng Diyos sa Kaniyang sarili ang lahat ng mga bagay..." (Col. 1:20).

Tayong lahat: mga lalaki, mga babae, at mga bata, ay may walang katulad na tungkulin na sumunod sa Lumikha. Gayondin, tayo'y mga nilikhang hinubog at kasama sa mga proseso at mga sistemang siya ring bumubuhay sa iba pang nilikha. Ang mga sistemang iyon ay pisikal, kemikal at biyolohikal na nagkakaugnay-ugnay.

Tayong lahat: mga lalaki, mga babae, at mga bata na nilikha sa wangis ng Diyos ay mayroon ding walang katulad na tungkulin sa sangnilikha. Dapat na ang ating mga ginagawa ay ang mga nakakatulong sa sangnilikha upang ito'y magpatuloy sa pagiging mabunga. Dapat din nating ingatan na nanatiling makapangyarihan ang patotoo ng sangnilikha tungkol sa Lumikha.

Tayo'y pinagkatiwalaan ng Diyos ng mga talento sa pangangasiwa, ngunit madalas na ginagamit natin ang mga ito sa maling layunin. Ang planong layunin sa ating mga talento ay gamitin ang mga ito upang alamin natin, bigyan ng pangalan, ingatan at ikagalak ang mga nilikha ng Diyos. Dapat nating patuloy na pangalagaan ang kabihasan sa pag-ibig, sa pagka-malikhain at sa pagka-masunurin sa Diyos. Dapat nating ialay ang sangnilikha at ang kabihasan na pabalik sa Diyos bilang pagpupuri sa Kanya. Ngunit niwalang-bahala natin ang ating mga limitasyon bilang mga nilikha. At sa halip na pangalagaan, ginamit nating may kasakiman ang daigdig.

Ang bunga ng kasalanan ng tao sa daigdig ay ang likong pangangasiwa dito. At ito'y naging isang tagni-tagning hardin at tigang na lupa na doo'y tumataas na bundok ang basura. "Sapagkat walang katapatan o kabaitan man, ni kaalaman tungkol sa Diyos sa

lupain...kayat ang lupain ay tumatangis, at lahat ng nakatira doon ay nanlulupaypay...” (Hosea 4:13). Kaya nga isang bunga ng maling paggamit ng daigdig ay ang di-makatarungang pagkakait ng kasaganaang dulot ng Diyos sa ibang mga tao sa kasalukuyan at sa mga araw pang darating.

Ang layunin ng Diyos sa pamamagitan ni Cristo ay pagalingin at dalhin sa lubos na katinuan, hindi lang ang mga tao, kundi gayondin ang kabuuan ng sangnilikha. ”Sapagkat minagaling na ang buong kapuspusan ay manirahan sa Kanya, at sa pamamagitan Niya ay pagkasunduin ng Diyos sa Kanyang sarili ang lahat ng mga bagay sa lupa man o sa langit, na ginagawa ang kapayapaan sa pamamagitan ng dugo ng Kanyang krus.” (Col. 1:19, 20).

Dahil kay JesuCristo, ang mga mananampalataya ay pinatawad, binago at dinala sa kaharian ng Diyos.” Kung ang sinoman ay na kay Cristo, siya ay bago nang nilalang.” (2 Cor. 5:17). Ang presensya ng kaharian ng Diyos ay nakikita hindi lang sa isang panibagong pakikisama sa Diyos, kundi sa isa ring panibagong pagkakatugma at katarungan sa pagsasamahan ng mga tao. May panibago ring pagkakatugma at katarungan sa pagitan ng mga tao at ng iba pang nilikha sa mundo. ”Sapagkat kayo’y lalabas na may kagalakan, at papatnubayang may kapayapaan. Ang mga bundok at ang mga burol sa harapan ninyo ay magbubulalas ng pag-awit, at ipapalampak ng lahat ng punongkahoy sa parang ang kanilang mga kamay.” (Isa. 55:12).

Naniniwala kami na kay Cristo ay may pag-asa, hindi lamang para sa mga lalaki, mga babae, at mga bata, kundi gayon din, sa lahat ng iba pang nilikha na nagdurusa dahil sa bunga ng kasalanan ng tao.

Kaya nga, tinatawagan namin ang lahat ng mga Cristiano upang muling panindigan na ang sangnilikha ay sa Diyos; na sila’y nilikha na mabuti ng Diyos, at muli silang ginagawang bago ng Diyos kay Cristo.

Nanggaganyak kami sa mas malalim na pagmumuni-muni sa mahalagang katuruang batay sa Biblia. Isip-isipin natin ang katuruan tungkol sa Diyos na nagsasabi ng pagtubos ng Diyos sa sangnilikha, kaugnay ng pagpapanibago at pagkompleto ng Diyos sa kanyang layunin dito.

Hinahanap namin ang isang mas malalim na pagmumuni-muni sa kahanga-hangang katangian ng sangnilikha ng Diyos at sa mga panuntunan na siyang nagpapaandar dito. Inuudyukan din namin ang mga tao, na maingat na tingnan kung ang ating mga gawa bilang samahan at mga gawa bilang indibidwal ay gumagalang at sumusunod sa mga ordinansa ng Diyos para sa sangnilikha.

Ginaganyak namin ang mga Cristiano upang gawin nilang bahagi ng kanilang buhay ang marangyang pagka-malikhain ng Diyos. Magagawa nila ito sa pamamagitan ng pagdaragdag sa nagpapalugod na papel ng kariktan at sining sa mga disenyo ng kanilang buhay pansarili, buhay pang-iglesia at buhay-panlipunan.

At inuudyukan namin ang indibidwal na mga Cristiano at mga iglesia na maging centro ng pangangalaga at pagpapanumbalik-kalusugan sa sangnilikha. Nais naming ikatuwa nila ang sangnilikha bilang kaloob ng Diyos, at masiyahan sila dito bilang katugunan din ng Diyos sa kanilang pangangailangan. Inuudyukan naming ang pangangalaga ay sa mga paraang patuloy na bubuhay at magpapahilom sa mga nasugatang himaymay ng sangnilikha na ipinagkatiwala sa atin ng Diyos.

Naalala namin ang mga Salita ni Jesus na ang ating buhay ay hindi lamang binubuo ng kasaganaan ng ating mga tinatangkilik. At dahil dito, inuudyukan namin ang mga tagasunod ni Jesus na huwag magpadala sa tukso na mag-aksaya at magmalabis sa buhay. Gawin ito sa pamumuhay na may pagpapakumbaba, may pagtitiis, may pagpipigil sa sarili at may pagtitipid.

Tinatawagan naming ang lahat ng Cristiano na gawin ang nararapat para magkaroon ng makadiyos, makatarungan at maipagpapatuloy na mga kabuhayan na maglalarawan sa nakapangyayaring ekonomiya ng Diyos. Ang mga ito rin ang magbibigay kakayahan sa mga lalaki, mga babae, at mga bata upang umunlad kasama ng iba't-ibang uri ng lahat na bumubuo ng sangnilikha. Kinikilala rin namin na dahil sa pagdarahop, napipilitan ang mga tao na sirain ang kalikasan at kapaligiran upang may ikabuhay. Kaya nga itinataguyod namin ang pagbuo ng makatarungan at libreng pamamalakad na pangkabuhayan na nagbibigay kakayahan sa mga dukha at lumilikha ng kasaganaan sa paraang hindi bumabawas sa kasaganaan ng sangnilikha.

Itinatalaga namin ang aming sarili sa paggawa ng mapagkakatiwalaang mga patakarang pangpubliko na bumubuo sa mga simulaing batay sa katuruan ng Biblia tungkol sa pangangasiwa sa sangnilikha.

Inaanyayahan namin ang mga Cristiano – mga indibidwal, mga kongregasyon, at mga samahan – na sumama sa amin sa ebanghelikong pahayag na ito tungkol sa kapaligiran. Tayo'y magiging mga taong may kasunduan tungo sa isang patuloy na lumalawak na grupo na nangangalaga sa sangnilikha nang ayon sa sabi ng Biblia.

Tinatawagan namin ang mga Cristiano na makinig at makipagtulungan sa lahat ng mga nagmamalasakit sa pagbibigay lunas sa problema ng sangnilikha. Gawin itong may pananabik na matuto sa kanila at magbahagi rin naman sa kanila ng ating matibay na paniniwala na ang Diyos na sa pamamagitan ng sangnilikha ay nadarama ng lahat ng tao (Gawa 17:17) ay makikilala lamang nang lubusan sa pamamagitan ni Cristo, ang Salita na naging laman; si Cristo ang buhay na Diyos na Siyang gumawa at bumubuhay sa lahat ng bagay.

Ginagawa namin ang pahayag na ito sapagkat alam namin na tinawag kami na maging tapat na katiwala ng Diyos sa Kanyang mabuting hardin, ang ating makalupang tahanan. Dapat kaming maging tapat na katiwala hanggang sa bumalik si Cristo upang pagkasunduin ang lahat ng mga bagay.

## Ang mga Kasulatan

### Ang kabutihan ng sangnilikha

Ipinahahayag ng mga Kasulatan ang malaking tuwa ng Diyos sa di mabilang na mga uri ng nilikha. Sinasabi ng Gen. 1 na sila'y "mabuti" (tal. 21, 25). Sa kasaysayan ng paglikha, inulit-ulit din ang mga salitang "kani-kaniyang uri" (pitong ulit sa limang talata, Gen. 1:20-25). Ito'y nagpapakita na nagbigay ng natatanging pansin ang Diyos sa maraming iba't-ibang uri. Inutusan din ng Lumikha si Adan na bigyang pangalan ang bawat uri ng nilikha (Gen 2:19). Pinatibayan din ng Kasulatan ang pagiging mabuti ng nilikhang tao: Gen. 1:26-28, Aw. 8:3-8, Mat. 10:31. Sa kabila naman ng kamaharlikaan ng sangnilikha, dapat maging maingat ang mga tao na tanging ang Diyos lamang ang sambahin: Isa. 42:8, Rom. 1:19-25.

### Ang kagalakan ng Diyos

Buhat sa simula hanggang sa huli ng Kasulatan, makikita natin ang Lumikha na nagagalak sa Kanyang mga gawa (Aw. 104:24-25, 31 atbp.). At binibigyan Niya ng pansin kahit na ang pinakawalang-halaga (Mat. 10:29). May pamimitagan, paghanga, at kasiyahang inilalarawan ng Diyos ang Kanyang mga nilikha. Nangangahas ba tayong bawasan ang kagalakang natatagpuan ng Diyos sa mga gawa ng Kanyang mga kamay?

### Ang pagmamalasakit ng Diyos (Mat. 10:29-30).

Kung hindi ipinapahintulot ng Ama, wala kahit isang ibong maya ang mahuhulog sa lupa. Ipinapakita nito ang malaking pagmamalasakit ng Diyos sa pang-araw-araw at wari'y walang kakwenta-kwentang mga gawain ng sangnilikha. Ipinapakita nito na ang Diyos ay hindi siyentipiko na may gusto lamang na makakuha ng mga impormasyon tungkol sa sangnilikha. Siya ang Lumikha na malapitang pumapatnubay sa sangnilikha tungo sa katuparan ng Kanyang kalooban. Ipinapakita rin dito ang napakataas na halaga ng taong nilikha: Kung pinagpapahalagahan ng Diyos ang mga lintang-bato at mga butiki, ano ang kahulugan nito sa akin? Maaaring sabihin na ang nagtataguyod ng pagprotekta sa mga iba't-ibang uri ng nilikha ay nagtataas din sa katayuan ng tao. Kung alam natin kung ano ang nasa kapaligiran natin, mas higit na nagiging mahalaga ang tao. Hindi kaya ang isang dahilan ng pagbaba ng kahulugan ng buhay ng tao ay ang pagkawala ng kanyang pakikipag-ugnayan sa Diyos na Lumikha at sa kahanga-hanga nitong sangnilikha?

### Ang katungkulan ng tao sa sangnilikha

Tayong mga tao ay may natatangi at mataas na katayuan sa sangnilikha (Gen. 1:26-28, Aw. 3:3-8, Mat. 10:31). Gayonman, hindi sinasabi ang Kasulatan na puede tayong manira. Ang utos sa atin ay ang maglingkod bilang tagapangasiwa ng sangnilikh. (Gen. 1:28, 2:15). Maliwanag na sinasabi sa Gen. 1:28 na ang tao'y dapat mamahala sa sangnilikha. Sa matandang wikang Hebreo, ang salitang ginamit ay **redah** at ito'y karaniwang ginagamit upang ilarawan ang matuwid at mapagmahal na pamamahala ng isang mabuti at mabait na hari. Inilalarawan sa Gen. 2:15 ang pamamahalang ito. Ang dalawang susing salita sa Gen. 2:15 ay "bungkalin" (**abad** sa Hebreo) at "ingatan" (**shamar** sa Hebreo). Sa ibang bahagi ng Kasulatan, ang **abad** ay isinalin na "maglingkod." Sabi sa Josue 24:15 "maglilingkod" (**abad**) kami sa Panginoon." Anong

uri ng paglilingkod ang hinihingi sa atin ng Diyos? Paglilingkod na nagmamalasakit, o paglilingkod na naninira? Paano gusto ng Diyos na paglilingkodan (**abad**) natin ang sangnilikha? Inilalarawan naman ng **shamar** ang uri ng pag-iingat na ipinapakita sa Bilang 6:24. Ayon sa talatang ito, nagsalita ang Panginoon sa pamamagitan ni propeta Aaron tungkol sa Kanyang pag-iingat sa mga Israelita. "Pagpalain ka nawa ng PANGINOON at ingatan (**shamar**) ka." talagang iniingatan ng Diyos ang Kanyang mga tao sa paraang nagpapakita ng Kanyang malaking pagmamahal at pagmamalasakit. Dahil sa Kanyang pag-iingat, ang Kanyang mga tao ay umuunlad. Sa gayon ding paraan, tayo'y inuutusang "ingatan" ang sangnilikha. Karapat-dapat ang sangnilikha sa ating pag-ibig at sa ating paggawa upang tayo'y makatulong na ito'y maging malusog at kapaki-pakinabang.

### **Ang makataong pagmamalasakit**

Karamihan sa Kasulatan ay waring sumusuporta sa pagpapanatili sa mga iba't-ibang uri ng nilikha para sa kanilang sariling kapakanan. Itinuturo rin ng Kasulatan na puedeng magpakagalak ang mga tao na pakinabangan ang sangnilikha: Gen. 1:29-30. Ganoon din bawat isa sa sangnilikha ay dapat makinabang mula sa mga kapwa nilikha: Gen. 1:30. Ngunit mahirap makinabang sa mga bagay na wala na.

### **Ang pagiging mabunga**

Iniuutos ng Kasulatan sa atin na alagaan ang sangnilikha upang ito'y makapanatili at makapagparami sa sariling uri. (Deut. 22:6-7)

### **Binubuhay ng Diyos**

Sinasabi ng Biblia na patuloy na binubuhay ng Diyos ang Kanyang sangnilikha (Aw. 145:15-16; Mat. 6:26,30). Sa anong dahilan at pinawalang-halaga ng mga tao ang pagmamalasakit ng Diyos sa Kanyang nilikha?

### **Tipan**

Gumawa ang Diyos ng napaka-tiyakang Tipan sa lahat ng buhay, Gen. 9:8-17. Hindi ito dapat sirain.

### **Ang Kalooban ng Diyos**

Sa kasaysayan ni Noe, ipinahayag ng Diyos ang Kanyang kalooban na ang lahat ng buhay ay maingatang buhay (Gen. 6:19-20, 7:1-3, 7:14-16, 8:17). Nais din ng Diyos na sila'y "mag-anak at magparami" (Gen. 6:19b, 20b, 7:3b,8:17c). Ang natural na pagka-ubos ng mga ilang uri ng nilikha minsan ay nangyayari bilang bahagi ng kalooban ng Diyos, pero ito'y hindi isang pangyayaring karapatang loobin ng tao.

### **Ang patotoo ng Diyos**

"Mula pa nang likhain ang sanglibutan, ang Kanyang walang-hanggang kapangyarihan at pagka-Diyos, bagaman hindi nakikita, ay naunawaan at nakita sa pamamagitan ng mga bagay na Kanyang ginawa upang wala silang mairadahan." (Rom. 1:20). Kaya sino tayo na sa pamamagitan ng ating mga ginagawa ay pinawawalang-halaga natin ang patotoo ng kapangyarihan at kabanalan ng Diyos? Sino ang haharap sa Kanya sa Araw ng

Paghuukom at magpapaliwanag tungkol sa ating mga ginawa? Ano ang sasabihin natin sa Kanya?

Pagsamba

Sinasabi ng Biblia na ang lahat ng nilikha ay nagpupuri sa Diyos (Aw. 96:11-13; Apoc. 5:13). Ang pinatahimik na mga tinig ng pagpupuri ay mga malubhang trahedya, isang nagkaka-ugnay-ugnay na "katapusan" na wala sa panahon.

### **Ang Pagsamba ng Tao**

May makakabasa kaya ng Awit 104 o Job38-41 na hindi makadaranas ng pagkatakot-paggalang at paghanga sa inilawan doon ng Panginoon na mga nilikha sa Kanyang sangnilikha? Kapag nalaman natin kung ano ang ginawa ng Diyos, mas lalo natin Siyang makikilala at tayo'y lalong magiging handa na sumamba sa Kanya.

### **Ang tungkulin ng tao**

Ibinigay ng Diyos kay Noe at kay Adan ang mga tiyakang tungkulin sa pangangalaga ng sangnilikha. Hindi ba tungkulin din nating sundin ang mga iniutos ng Diyos kina Adan at Noe? Kung inaangkin natin na kilala natin ang Lumikha at kung talagang may personal na relasyon tayo sa Kanya, bakit hindi tayo napipighati sa pagkawasak ng natatanging kaloob na inilagay sa ating mga kamay?

### **Tanong sa tuntunin ng moralidad**

Madaling mag-akala na ang ilang mga uri ng nilikha ay higit na mahalaga kaysa iba. Karamihan sa atin ay higit na may pagkagiliw sa mga paruparo kaysa mga lintang-bato. Ngunit maari nga ba nating gawin ang ganoong mga pasiya? Sino tayo upang magpasiya kung aling mga uri ng mga nilikha ang higit na importante kaysa iba? Hindi ba ang gayong pagpapasiya'y "pagkukunwaring isang Diyos"? May utos bang ayon sa Biblia na tayo'y manira? Ito'y karapatan lamang ng Lumikha, hindi ng katiwala. Ang ating tungkulin ay alagaan ang hardin.

### **Paghatol**

"...dumating ang iyong poot, at ang panahon upang hatulan ang mga patay...at upang puksain ang mga pumupuksa sa lupa." (Apoc. 11:18). Ang pagpinsala natin sa ilang mga uri ng nilalang ay kadalasang nagmumula sa kasalanan at dahil dito tayo'y mahahatulan. Ang pagpapawalang-halaga sa kapaligiran ay ang bunga ng mga anyo ng pagsamba sa diyus-diyosan, ng kasakiman at ng kapalaluan. Nakakalimutan natin at tayo'y nagiging ignorante sa gawain ng Diyos sa sangnilikha dahil sa ating maka-teknolohiyang mga gawain. Ang ating gawain at mga pangangailangan ay inakala nating mahalaga at para sa mga ito, sinira natin ang mga gawa ng Diyos. Hindi pinansin ng mga makapangyarihang tao ang mga pangangailangan ng mahihina at sinisira ang nagbibigay ng ikabubuhay sa mga dukha. Pinilit nating pumunta sila sa mga hangganan ng mga lupain kung saan sila'y kinakailangang manira ng kalikasan upang mabuhay. Di katulad ng Diyos na nakaka-



alam ng lahat ng bagay, dahil sa tayo'y ignorante, hindi natin alam ang lahat ng iba't-ibang uri ng nilikha na narito, at kung paano sila nagkaka-ugnay-ugnay. Ni hindi rin natin alam kung paano sila magiging kagamit-gamit o kung paanong kailangan natin sila.

Ang pagkawala ng ilang mga uri ng nilikha ay isang palatandaan. Ito'y isang problema na nagpapakita ng ating pagiging makasalanan, ng ating hindi maipagpapatuloy na paraan ng pamumuhay at ng ating kabuhayan. "...aking dinadalaw ang kasamaan ng mga magulang hanggang sa mga anak..." sabi ng Panginoon sa Deut. 5:8-10. Nakikita na natin na dahil sa kasalanan ng sangkatauhan nadamay na nasira rin ang ibang uri ng mga nilikha.

### **Ebanghelismo**

Ang mundong hindi nananampalataya ay naghihintay sa mga Cristiano na gumawa ng napapanahong paninindigan sa iba't-ibang mga isyu, kasama na ang pag-iingat sa mga iba't-ibang uri ng nilikha. Sa kahuli-hulihan, ang paglahok ng mga Cristiano sa pag-iingat sa iba't-ibang uri ng nilikha ay gagawin bilang sariling paraan ng pagbibigay dangal sa Diyos. Gayonman, maaasahan nating sa mundong hindi nananampalataya, may ilang tutugon nang positibo. Ang ating gawain sa pag-iingat ng iba't-ibang uri ng nilikha ay isang makapangyarihang pagpapahayag sa kung sino talaga ang ating Diyos.

#